Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

# PATNUBAY SA MISA

22 Disyembre 2024 | Ikaapat na Linggo ng Adbiyento | Taon K

## ADBIYENTO: PANAHON PARA BUKSAN ANG ATING MGA PUSO SA PANGINOON

*Patapos na ang ating paghahanda. Waring nasa tarangkahan na ang Panginoon. Oras na para buksan natin ang ating mga puso upang patuluyin siya gaya ng nararapat.*

*Ito ang kahulugan ng lahat. Dapat nating lubos na hangaring tumupad sa kalooban ng Ama, gaya ng ipinahayag ng Kanyang Anak mismo nang siya'y isugo sa mundong ito. Ibig sabihin nito'y tanggapin ang Panginoon nang buo ring pananabik, kababaang-loob, at pasasalamat na gaya ng ipinakita ni Elisabet nang salubungin siya, bagamat nasa sinapupunan pa siya ng kanyang Inang si Mariang Kabanal-banalan.*

*Ang Araw ng ating kaligtasan ay malapit nang sumikat. Buksan natin ang mga pintuan at bintana ng ating mga puso upang mapuspos tayo ng kaningningan ng kanyang biyaya at kasaganaan ng kanyang kapayapaan.*



## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Pumatak na waring ulan magmula sa kalangitan, nawa'y umusbong din naman mula sa lupang taniman ang Manunubos ng tanan. *(Isa 45:8)***

### Pagbati

***P*** – Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!
***B*** – **Amen!**
***P*** – Papuri kay Hesus na naparirito upang tupdin ang plano ng Ama. Ang kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat.
***B*** – **At sumaiyo rin!**

### Pagsisisi

***P*** – Natitipon dito bilang mag-anak ng Diyos ngayong huling Linggo ng Adbiyento, tayo'y buong pananalig na humiling ng pagpapatawad ng Panginoon upang masalubong natin siya nang may malinis na kalooban. *(Manahimik saglit.)*

***P*** – Naparito ka upang pagbuklurin ang mga bansa sa kapayapaan ng Kaharian ng Diyos. Panginoon, kaawaan mo kami!
***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Tinutupad mo ang mga pangako ng mga propeta noon. Kristo, kaawaan mo kami!
***B*** – **Kristo, kaawaan mo kami!**

***P*** – Naparito ka sa salita at sa sakramento upang palakasin kami sa kabanalan. Panginoon, kaawaan mo kami!
***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
***B*** – **Amen!**

### Papuri

*(Aawitin lamang tuwing Simbang Gabi.)*

### Panalanging Pambungad

***P*** – Ama naming makapangyarihan, kasihan mo kami ng iyong pagmamahal upang kaming nakabatid sa pagbabalita ng anghel tungkol sa pagkakatawang-tao ng Anak mo ay makapakinabang sa kanyang pagpapakasakit at pagkamatay sa krus sa pagsapit namin sa pagkabuhay niya sa langit sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*** – **Amen!**

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** *Mik 5:1-4*

*Mula nang mangako ang Diyos kay David sa pamamagitan ng propetang si Natan, umasa na ang mga Judio na ang Mesiyas ay magmumula sa angkan ng dakilang Hari. Ang pagbasang ito ay muli pang paglilinaw na siya ay isisilang sa Betlehem, at manggagaling din sa angkan ni David.*

*L* – Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Mikas

**Ito ang sinasabi ng Pangi-noon: Betlehem Efrata, bagamat pinaka-maliit ka sa mga angkan ni Juda ay sa iyo magmumula ang isang maghahari sa Israel. Ang pinagmula'y buhat pa nang una, mula pa noong unang panahon.**

**Kaya nga, ang bayan ng Pangi-noon ay ibibigay niya sa kamay ng mga kaaway hanggang sa isilang ng babae ang sanggol na maghahari. Pagkatapos, babalik sa Israel ang nalabi sa bansang ito.**


**Pagdating ng haring yaon, pamamahalaan niya ang Israel sa pamamagitan ng kapangyari-han ng Panginoon; taglay niya ang kadakilaan ng pangalan ng Panginoon na kanyang Diyos. At ang Israel ay mamumuhay na ligtas, sapagkat ang haring yaon ay kikilalanin ng buong sanlibutan. Sa kanya magmu-mula ang kapayapaan natin.**

Ang Salita ng Diyos!
*B* – **Salamat sa Diyos!**

**Salmong Tugunan** *Awit 80*

*B* – ***Akitin mo, Poong mahal, iligtas kami't tanglawan!***

R. M. Velez




* **Pastol ng Israel, kami ay paking-gan; mula sa trono mong may mga kerubin, kami ay tulungan. Sa taglay mong lakas, kami ay iligtas, at tubusin sa hirap!** ***B.***

* **Ika'y manumbalik, O Diyos na Dakila! Pagmasdan mo kami mula sa itaas, at ang punong ito'y muling pagyamanin, at iyong iligtas. Luma-pit ka sana, ang puno ng ubas na itinanim mo ay iyong iligtas, yaong punong iyon na pinalago mo't iyong pinalakas!** ***B.***

* **Ang lingkod mong mahal ay iyong ingatan, yamang hinirang mo ay iyong ipagsanggalang, iyong palakasin bilang isang ban-sang makapangyarihan! At kung magkagayon, magbabalik kami't di na magtataksil sa 'yo kailanman, kami'y pasiglahi't aming pupurihin ang iyong pangalan.** ***B.***

**Ikalawang Pagbasa** *Heb 10:5-10*

*Ang Anak ng Diyos ay naging tao upang mapawi, ng kanyang lubos na pagsunod, ang lahat ng pagsuway na taglay ng mga kasalanan ng lahat ng tao. Dahil sa kanyang kahandaang tumupad sa kalooban ng Ama, siya ang naging tagapagligtas at huwaran natin.*

*L* – Pagbasa mula sa Sulat sa mga Hebreo

**Noong si Kristo'y manaog sa sanlibutan, sinabi niya sa Diyos, "Ang mga hain at handog na mga hayop ay hindi mo ibig, kaya't inihanda mo ang aking katawan upang maging hain. Hindi mo kinalugdan ang mga handog na susunugin at ang mga handog dahil sa kasalanan. Kaya't aking sinabi, 'Narito ako, O Diyos, upang tupdin ang iyong kalooban' – Ayon sa nasusulat sa Kasulatan tungkol sa akin."**

**Sinabi muna niya, "Hindi mo inibig o kinalugdan ang mga hain at handog na mga hayop, mga handog na susunugin at mga handog dahil sa kasalanan" – bagamat ito'y inihahandog ayon sa Kautusan. Saka niya sinabi, "Narito ako upang tupdin ang iyong kalooban." Inalis ng Diyos ang unang handog at pinalitan ng handog ni Kristo.**

**At dahil sa kanyang pagsunod sa kalooban ng Diyos, nilinis tayo ni Hesukristo sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng minsang paghahandog ng kanyang sarili at iyo'y sapat na.**

Ang Salita ng Diyos!
*B* – **Salamat sa Diyos!**

**Aleluya** *Lu 1:38*

*B* – **Aleluya! Aleluya!
Narito ang lingkod ng D'yos, maganap nawa nang lubos ang salita mong kaloob.
Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** *Lu 1:39-45*

*Sa inspirasyon ng Espiritu Santo, si Elisabet ang naunang nagpa-hayag kay Maria bilang "Ina ng Panginoon." Sa pamamatnubay ng parehong Espiritu, inuulit natin ang pagbati ni Elisabet at tinatanggap natin si Maria sa ating buhay, bilang ina ng ating Tagapagligtas.*

*P* – Sumainyo ang Panginoon!
*B* – **At sumaiyo rin!**
*P* – Ang Mabuting Balita ng Pangi-noon ayon kay San Lucas
*B* – **Papuri sa iyo, Panginoon!**

**Hindi nagtagal at si Maria'y nagmamadaling pumunta sa isang bayan sa kaburulan ng Juda. Pagdating sa bahay ni Zacarias, binati niya si Elisabet.**

**Nang marinig ni Elisabet ang bati ni Maria, naggagalaw ang sanggol sa kanyang tiyan. Napuspos ng Espiritu Santo si Elisabet, at buong galak na sinabi, "Pinagpala ka sa mga babae, at pinagpala rin ang di-nadala mo sa iyong sinapupunan! Sino ako upang dalawin ng ina ng aking Panginoon? Sapagkat pagkarinig ko ng iyong bati ay naggagalaw sa tuwa ang sanggol sa aking tiyan.**

**Mapalad ka sapagkat nanalig kang matutupad ang ipinasabi sa iyo ng Panginoon!"**

Ang Mabuting Balita ng Pa-nginoon!
*B* – **Pinupuri ka namin, Pangi-noong Hesukristo!**

### Homiliya

### Sumasampalataya

*B* – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos,

Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

### Panalangin ng Bayan

***P*** –Kasama nina Elizabet at Mariang Kabanal-banalan, tayo'y dumulog at magsumamo kay Hesus, ang ating Tagapagligtas:

***B*** **–Halina, Panginoong Hesus, halina!**

* Panginoong Hesus, sa mula't mula pa man, kaisa ka ng Ama. Halina ngayon at bigyan kami ng buhay na walang hanggan. Manalangin tayo! ***B.***

* Salita ng Buhay, ikaw ang aming Dakilang Lumikha at tanging pag-asa. Halina't tubusin ang gawa ng iyong mga kamay. Manalangin tayo! ***B.***

* Anak ng Diyos, nang dahil sa pag-ibig mo sa amin, 'di ka nag-atubiling magkatawang-tao. Halina't palayain kami sa kapangyarihan ng kamatayan. Manalangin tayo! ***B.***

* Karangalan ng Ama, ikaw ang bukal ng aming pag-asa sa mundong binabalot ng kadiliman ng sakit at kasalanan. Halina't balutin kami ng iyong liwanag. Manalangin tayo! ***B.***

* Anak ng Kalinis-linisang Ina. Halina't bahaginan kami ng iyong walang hanggang kaluwalhatian. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa ating pagsalubong sa taon ng Jubileo: palakasin nawa nito ang ating pananampalataya, at matulungan tayong makilala ang Panginoong muling nabuhay sa ating pang-araw-araw na buhay. Manalangin tayo! ***B.***

***P*** –Panginoong Hesus, itulot mong maging bukas ang aming kalooban at mapuspos nawa kami ng pananabik na gaya ng kay Mariang Kabanal-banalan sa paghahanda para sa iyong pagsilang. Ikaw na nabubuhay at naghaharing kasama ng Ama at ng Espiritu Santo magpakailanman.

***B*** **–Amen!**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*** – Manalangin kayo. . .

***B*** **– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

***P*** –Ama naming Lumikha, ang mga alay naming nakahain sa iyong dambana ay pabanalin nawa ng paglukob ng Banal na Espiritu na pumuspos sa sinapupunan ng Mahal na Birheng Maria upang magdalang-tao at magsilang sa iyong Anak na siyang namamagitan magpasawalang hanggan.

***B*** **– Amen!**

### Prepasyo ng Adbiyento II

***P*** – Sumainyo ang Panginoon!

***B*** – **At sumaiyo rin!**

***P*** – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

***B*** – **Itinaas na namin sa Panginoon!**

***P*** – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

***B*** **–Marapat na siya ay pasalamatan!**

***P*** –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Ang pagsusugo mo sa kanya ay ipinahayag ng lahat ng mga propeta. Ang pagsilang niya'y pinanabikan ng Mahal na Birheng kanyang Inang tunay sa kapangyarihan ng Espiritung Banal. Ang pagdating niya'y inilahad ni San Juan Bautista sa kanyang pagbibinyag. Ngayong pinaghahandaan namin ang maligayang araw ng kanyang pagsilang, kami'y nananabik at nananalanging lubos na makaharap sa kanyang kadakilaan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B*** **– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

### Pagbubunyi

***B*** **– Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

## PAKIKINABANG

***B*** **– Ama namin . . .**

***P*** – Hinihiling namin . . .

***B*** **– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan
### Paghahati-hati sa Tinapay

***B*** **– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P*** – Ito si Hesus, ang Banal na Manunubos. Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B*** **–Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Maglilihi itong birhen at magsisilang ng supling na tatawaging Emman'wel, taguring ibig sabihi'y "Ang D'yos ay sumasaatin."** ***(Isa 7:14)***

**Panalangin Pagkapakinabang**

*P* –Ama naming mapagmahal, amin nang pinagsaluhan ang piging na nagbibigay-buhay habang papalapit ang dakilang kapistahan ng Pasko, lalo nawa kaming makinabang nang may pananabik sa pagiging marapat sa pagdiriwang sa pagsilang ng Anak mo na siyang namamagitan magpasawalang hanggan.

*B* – **Amen!**

## PAGWAWAKAS

*P* –Sumainyo ang Panginoon.

*B* –**At sumaiyo rin!**

*P* –Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*

–Naniniwala kayo na ang Anak ng Diyos ay nagkatawang-tao sa sinapupunan ng Birheng Maria. Nawa'y magtamo kayo ng galak at kapayapaan sa kanyang nalalapit na pagsilang.

*B* –**Amen!**

*P* –Iniligtas tayo ni Kristo sa pamamagitan ng pagtupad sa plano ng Ama. Kayo nawa'y maging masunuring mga anak tulad niya.

*B* –**Amen!**

*P* –Isinilang si Kristo upang dulutan ng biyaya at kapayapaan ang sangkatauhan. Puspusin niya nawa kayo ng kaloob na walang hanggang buhay.

*B* –**Amen!**

*P* –Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

*B* –**Amen!**

*P* –Humayo kayo sa kapayapaan upang salubunging magiliw ang Panginoon.

*B* –**Salamat sa Diyos!**

Like us on Facebook
Word And Life Publications

# MAPALAD KA, SAPAGKA'T NANALIG KA

Kalakbay at Katoto

Kakaiba ang sukatan ng tao ngayon sa pagiging mapalad. Mapalad ang malapad ang papel sa lipunan … ang mga may tangang kapangyarihan, ang mga namumuno at naghahari. Isa ito sa pangunahing sukatan. Mapalad rin ang may malalapad na lupain … ang mga nahirati sa malalawak na tirahan na walang kapit-bahay, walang karibal, walang kasabay sa mga gawaing may kinalaman sa pagiging ordinaryong tao.

Panukat ng kapalaran ang mga bagay na nahihipo, nabibilang, nasusukat at naiipon. Nguni't ito nga lamang ba ang palatandaan ng kapalaran? Tingnan natin ang mga pagbasa …

Hindi malaking bayan ang Efrata. Mismong si Miqueas na ang nagsabi: "Betlehem Efrata, bagama't pinakamaliit ka sa mga angkan ni Juda ay sa iyo magmumula ang maghahari sa Israel." Hindi rin marami ang mga nalabi sa Israel. Nguni't malaki at matayog ang pangakong patungkol sa kanila. Kahit na sila ay mapapasa kamay ng mga kaaway, magbabalik ang mga nalabi sa bayang Israel matapos isilang sanggol na pangako.

Sa sulat sa mga Hebreo, hindi pinansin ng Diyos ang mga mamahaling alay na susunugin, bagkus ang payak nguni't lubos na pag-aalay ng sarili ng siyang nagwika: "narito ako, O Diyos, upang tupdin ang iyong kalooban."

Kung inyong mapapansin, ang pagiging mapalad ay nakasalalay at nakaakibat sa bagay na malalapad, madatung, ika nga, marami, at nabibilang at nailalagay sa espasyo. Kakaunti ang naririnig kong nagpasalamat sa kabila ng isang anak na maysakit, sa isang biglang pagbaligtad ng takbo ng negosyo, o biglang lumiit ang kita, o nawalan ng malaking pagkakataon sa buhay.

Sa araw na ito, gusto kong bigyang pansin ang wagas at tunay na kahulugan ng pagiging mapalad. Mapalad ang siyang nagsabi sa Panginoon, "Narito ako O Diyos, upang tupdin ang iyong kalooban."

Sa ebanghelyo natin ngayon, mayroong isang mapalad ang tinagurian ng Diyos. Mga barriotic na mga simpleng tao na galing sa kaburulan ng Judea, sa bundok, ika nga. Ito ay si Zacarias. At higit pa rito, hindi talubata si Zacarias. Isa siyang gurang, damatan, ulyanin na halos na may asawang baog, na hindi nagka-anak.

Simple lang … Mapalad sila sapagka't sila ay nanalig! "Mapalad ka, sapagka't nanalig kang matutupad ang ipinasabi sa iyo ng Panginoon." Nananalig ba tayo? Mapalad ba tayo?

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

# 2025 Word And Life Publications Executive Desk Calendar


Our **Executive Desk Calendar 2025** Jubilee Year Edition highlights some significant events in the history of the Church's Jubilee Years from the year 1300 to the present.

Let us know and appreciate more the meaning of the Jubilee Year by revisiting the past.

**SRP: P80.00**


| | |
|---|---|
| minimum of 100 pcs. | P75.00 |
| minimum of 200 pcs. | P70.00 |
| minimum of 300 pcs. | P65.00 |
| 400 pcs. & above | P60.00 |

Size: 8.50" X 6"inches




Word And Life Publications / Word And Life Religious Store
https://shopee.ph/wordandlifereligiousstore_2021
https://www.lazada.com.ph/shop/salitaatbuhaystore
*Tel. Nos.* (632) 8894-5401 • 8845-1792 • 8818-8636 • 0917-6295485

# 2025 Word And Life Publications EXECUTIVE PLANNER




Our **Executive Planner 2025** Jubilee Year Edition highlights some significant events in the history of the Church's Jubilee Years from the year 1300 to the present. Let us know and appreciate more the meaning of the Jubilee Year by revisiting the past.

**Monthly features of our 2025 Executive Planner are the following:**

- The Daily Liturgical Reading Guide
- The Solemnity / Feast / Memorial of the Day
- The Indicator for the Color of the Liturgy
- The Non-Liturgical Commemorations / Observances
- The Moon Behavior
- 12 Months Quick Reference
- A Column for Special Notes
- A Special Theme of the Year

**Extra Features:**

- The Chaplet of the Divine Mercy and the 3 O'clock Prayer
- Personal Information
- The List of the Books of the Bible
- 2024 / 2025 / 2026 Quick Glance Calendar Reference
- Essential Directory

**Size: 7" x 10" (folded)**

**SRP P99.oo**

**Minimum of 50 pcs P95.oo eaxh**
**Minimum of 100 pcs P90.oo each**
**Minimum of 200 pcs and above P80.oo each**